# Screening ng Kanser sa Suso at sa Cervix



Nagbibigay ng mga serbisyo ng screening at diagnostic ng suso at cervix sa mga kwalipikadong residente ng Washington

## Alamin ang tungkol sa mga opsiyon para sa pagpapa-screen!

### Ang Breast, Cervical and Colon Health Program (Programa sa Kalusugan ng Suso, Cervix, at Colon) ay nagbibigay ng libreng screening ng kanser para sa mga kwalipikadong residente ng WA.

Ang programang ito ay naglilingkod sa mga taong:

- Walang insurance sa kalusugan o may malaking halagang ibinabawas.
- May mababang kita.
- Angkop sa mga alituntunin sa edad.

Kasama sa mga Serbisyo ang:

- Mga screening ng kanser sa suso (mga pagpapasuri ng suso at mammogram).
- Mga screening ng kanser sa cervix (mga Pap at ang human papillomavirus (HPV) test).
- Mga follow-up na test kung kailangan, batay sa mga resulta ng screening.
- Tulong sa pangangasiwa ng mga resource para sa pagpapagamot, kung kailangan.

### Nakatutulong ang screening ng kanser para magligtas ng buhay!

- Habang tumatanda ka, mas nanganganib ka nang magkasakit ng kanser.
- Kung matutuklasan nang maaga ang kanser, madalas ay mas madali itong magamot at mas matagumpay ang pagpapagamot nito.
- Ang pinakamainam na paraan para tuklasin ang kanser nang maaga ay sa tulong ng routine screening, kadalasang nangyayari ito nang walang babala.

Kung hindi ka kwalipikado para sa Washington Apple Health at wala kang insurance, maaari ka pa ring makwalipika para sa mga libreng screening ng kanser.

**Tumawag sa Breast, Cervical and Colon Health Program**

Tumawag sa 1-800-756-5437 para alamin pa ang tungkol sa iyong lokal na programa at kung kwalipikado ka.

Tumawag sa WA Dept. of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng WA) para alamin pa ang tungkol sa Washington State Program (Programa ng Estado ng Washington) sa 1-888-438-224

Pub. # 349-045 January 2021

Washington State Department of Health

### May Tanong tungkol sa Insurance sa Kalusugan?

**Pumunta sa:** wahealthplanfinder.org
**Tumawag sa:** 1-855-923-4633
**TTY/TDD:** 1-855-627-9604
*Available ang tulong sa 175 iba't ibang wika*

To request this document in another format, call 1-800-525-0127. Deaf or hard of hearing customers, please call 711 (Washington Relay) or email civil.rights@doh.wa.gov.